



UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalaing ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVII BILANG 1

ENERO - MARSO 2019

CvSU, nagdaos ng *trade fair* at eksibit

Idinaos ang isang *trade fair* at eksibit mula Pebrero 11 hanggang 14 bilang bahagi ng ika-113 taong pagdiriwang ng pagkakatatag ng Unibersidad.

Pinangunahan ni Dr. Henry O. Garcia, bise presidente ng *Administrative and Support Services* (VPASS), ang nasabing aktibidad kaagapay ang *Extension Services* (ES) at *Southern Tagalog Agriculture, Aquatic Resources Research, Development and Extension Consortium* (STAARRDEC). Layunin ng aktibidad na maipakita sa publiko ang mga produkto at teknolohiya na nilalang ng CvSU at ng iba pang lumahok.

Inimbitahan ang mga kolehiyo, kampus at yunit ng CvSU gayundin ang mga *Farmers' Information and Technology Services* (FITS) Center sa Cavite upang sumali sa nasabing eksibit. Nakilahok ang *College of*



Mga bise presidente ng CvSU at iba pang opisyal sa pagbubukas ng *trade fair* at eksibit

Nursing (CON), *College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources* (CAFENR), *College of Criminal Justice* (CCJ), *College of Engineering and Information Technology* (CEIT) at *College of Economics, Management and Development Studies* (CEMDS) upang ipakita ang iba't-ibang teknolohiyang nilalang at upang ibenta ang mga produkto

at mga serbisyo na ibinibigay sa mga kliyente. Samantala, sumali din ang mga kampus ng Carmona, Cavite City at T3 (Trece, Tanza at General Trias). Nagbigay din ang *Sundan sa p. 3*

Mga pagsasanay na teknikal, isinagawa ng ES

Bilang opisnang nangunguna sa mga gawaing pangkomunidad, patuloy na nagsagawa ang *Extension Services* (ES) ng mga teknikal na pagsasanay sa unang kwarter ng 2019.

Ginanap ang *Planning Workshop on Training and Technical Services* noong Enero 23 sa Hostel Tropicana, CvSU, Indang, Cavite. Dumalo sa nasabing aktibidad ang 26 na mga tauhan at kinatawan ng ES, CAFENR, SPRINT Center, Research Center, at NCRDEC.

Layunin ng aktibidad ang gumawa ng kalendaryo ng pagsasanay para sa taong 2019, tumukoy ng mga paksa ng pagsasanay batay sa *identified*



Mga tauhan ng ES habang nagpapalano ng mga gawain para sa taong 2019

commodities at *areas of concern*, gumawa ng mga disenyo ng pagsasanay para sa mga napiling paksa, at magplano ng iskedyul ng mga isasagawang aktibidad mula sa pagsasanay, pagsubaybay at pagsusuri sa mga proyekto, at paggawa ng mga ulat. *Sundan sa p. 3*



Mga Nilalaman

Orientasyon ng FITS operation, isinagawa sa FITS GMA	2
Novicio, nagsilbing tagasuri sa PESP	2
Ikalawang technical farm tour ng NCRDEC, isinagawa	3
CAS-DPS at CEANHS, lumagda sa MOA	4
Diloy, dumalo sa regional training	5
MPC, bumisita sa CvSU-ES	5
Kaalaman sa responsableng pag-aalaga ng hayop, ipinalaganap	6
66 volunteers, tumulong sa SPRINT	6

MGA BALITA

Oryentasyon ng FITS operation, isinagawa sa FITS GMA

Isinagawa ang oryentasyon tungkol sa pagpapalakad ng *Farmers Information & Technology Services (FITS) Center* sa Gen. Mariano Alvarez (GMA), Cavite noong Pebrero 26 sa pangunguna ni Gng. Lorna C. Matel, *team leader* ng *Techno Gabay Program (TGP)* sa lalawigan. Kasama sa ginanap na oryentasyon si Gng. Janine L. Cailo, *Information Officer II* ng *Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI)* Rehiyon IV-A.

Kasabay nito, dalawang magsasaka sa produksyon at pagpoproseso ng *mushroom* o kabute ang sinuri upang maging Magsasaka Syentista (MS). Sila ay sina G. Geronimo Labad at G. Andreo Ojena na parehong naninirahan sa GMA. Si G. Labad ay 63 taon at *national awardee* ng Anak Bukid. Siya rin ay nagsisilbing tagapagsalita tungkol sa nasabing produktong agrikultural. Samantala, si G. Ojena, 30 taong gulang at kasalukuyang kawani ng *GMA Water District*, ay may sapat na

kaalaman din sa produksyon ng kabute. Kasama ni Gng. Matel sa ebalwasyon sina Bb. Edith B. Paglinawan, tagapamahala ng FITS OPA - Cavite at Dr. Rolando V. Maningas ng DA-ATI IV-A.

Ang MS ay magsasaka na hinirang dahil sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan sa pagsasaka, natatanging teknolohiya na isinasagawa sa kanilang sakahan at kahandaang ibahagi ang mga kaalaman sa ibang kliyente.

Samantala, ang FITS GMA ang ika-14 na *center* sa Cavite at pinamumunuan nina G. Reynante P. Masigla bilang *FITS Manager*, G. Mark Anton Lotino bilang *Information Service Specialist (ISS)* at Gng. Analou F. Gan bilang *Technology Service Specialist (TSS)*.

Ang FITS, tulad ng MS, *Information and Education (IEC) materials* at *Information and Communication Technologies (ICT)*, ay bahagi ng *Techno Gabay Program (LCMatel)*



Sa loob ng FITS GMA habang ipinapaliwanag ang operasyon ng center sa FITS staff



Si G. Labad (itaas) at G. Ojena (ibaba) habang sumasagot sa mga katanungan ng evaluators

Novicio, nagsilbing tagasuri sa PESP

Sa ginanap na akreditasyon ng *Private Extension Service Provider (PESP)* noong Pebrero 9, nagsilbing tagasuri si Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng *CvSU Extension Services* at kasalukuyang *vice-chair* ng *Regional Extension Service Provider Council*. Kasama ni Dr. Novicio sa nasabing pagsusuri sina Bb. Lilian M. Telmo ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPA)* - Cavite, Gng. Eugenia M.



Ang mga tagasuri habang isinasagawa ang ebalwasyon

Buctuanon ng BPI-LBNCRDPSC at G. Raffy V. Aromin ng *Longwoods Agrifarm*.

Sinuri ng mga nabanggit ang *Teofely Nature Farms* sa Silang, Cavite na kilala sa pag-aalaga ng *native pigs*.

Ang PESP ay programa ng *Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI)* Rehiyon IV-A. (MABPanerio)

BALITANG LATHALAIN

Ikalawang *technical farm tour* ng NCRDEC, isinagawa

Pinangunahan ng *National Coffee Research Development and Extension Center* (NCRDEC) ang ikalawang *technical farm tour* noong Pebrero 7. Dinaluhan ang nasabing aktibidad ng mga interesadong indibidwal mula sa lokal na pamahalaan at pribadong kumpanya tulad ng *Office of the Provincial Agriculturist* (OPA) Batangas, *Department of Agriculture* (DA) - Lipa City, Batangas, *Las Palmas Farm*, *Organika Farms*, *Mang Inasal*, at iba pa. Ilan sa kanila ay may mga taniman ng kape sa Bicol at Batangas. Layunin ng NCRDEC na maipakita sa mga ito ang aktwal na pagsasaka at pagpoproseso ng kape. Binisita ng mga kalahok ang NCRDEC *coffee production and processing facility*, MCG *robusta experimental area*, *Wonders of the Philippine Coffee Museum*, *coffee nursery*, *vermicompost facility*, at *coffee demonstration areas*. Nagkaroon din pagpupunla, aktwal na pag-aani ng kape, at *depulping*. Bukod sa pagpapakita ng aktwal na pagpoproseso ng Aguinaldo Blend, naging tampok

Mga kalahok ng NCRDEC *Technical Farm Tour* 2019

din ang pagsasagawa ng *coffee cupping*.

Matagumpay na isinagawa ang unang *coffee farm tour* noong Disyembre 2018 na nagbigay-daang upang dumami ang nagkaroon ng interes sa kagayang aktibidad. Magkakaroong muli ng *farm tour* sa Nobyembre at Disyembre kasabay ng anihan ng kape. (AJLMagcamit)

CvSU, nagdaos... mula sa p. 1

National Coffee Research Development and Extension Center (NCRDEC) ng libreng patikim ng ilang inumin at nagbenta ng *hot and cold* Aguinaldo Blend na kape sa mga bisita.

Nakilahok din ang mga FITS *center* mula sa Mendez, Amadeo, Dasmariñas, Imus, Gen. Emilio Aguinaldo, Maragondon, Tanza, Indang, Gen. Mariano Alvarez, Bacoor, Alfonso, Magallanes, Naic at OPA Trece Martires City na nagpakita at nagbenta ng mga produkto galing sa kanilang mga bayan. Ipinakita rin nila ang mga teknolohiya ng kanilang mga Magsasaka Siyentista (MS).

Nagwagi bilang *Best Booth* ang CvSU Carmona, pumangalawa ang CEIT habang pumangatlo naman ang Trece Martires City. Hinirang na *Best FITS Center booth* naman ang OPA Cavite, pangalawa ang Tanza, pangatlo ang Maragondon at Imus, pang-apat ang Magallanes at panglima ang GMA. (LCMatel)



Mga opisyal ng CvSU kasama ang Magsasaka Siyentista na si G. Silan at tauhan ng FITS OPA Cavite

Mga nagwagi bilang *Best Booth* ang Carmona campus (itaas) at FITS OPA Cavite (ibaba)Mga pagsasanay ... mula sa p. 1

Si Dr. Novicio ay nagpapaliwanag ng ilang bagay tungkol sa gagawing pagpapalano

Samantala, isinagawa rin ang *Capability Enhancement Training-Workshop for Extension* na dinaluhan ng 50 *extension coordinators*, *permanent alternates* at *extensionists* ng mga yunit, kolehiyo at kampus ng CvSU mula Marso 6 hanggang 7 sa Hostel Tropicana, CvSU, Indang, Cavite. Pangunahing layunin nito na maisaayos ang mga panukalang pang-ekstensyon na ipinasa sa opisina ng ES. Umabot sa 18 panukala ang sinuri noong Disyembre 12, 2018 at Enero 30-31, 2019. Gayundin, layon ng aktibidad na ilarawan ang tungkulin ng unibersidad para sa mga gawaing pang-ekstensyon, ipaliwanag ang mga dulog, istrategiya at pamamaraang pang-ekstensyon, talakayin ang mahahalagang bahagi ng mga mungkahing gawain tungo

Sundan sa p. 4

MGA BALITA

CAS-DPS at CEANHS, lumagda sa MOA

Nilagdaan ng CAS – *Department of Physical Sciences* at Constancio E. Aure Sr. *National High School*, Mendez, Cavite ang isang *Memorandum of Agreement (MOA)* para sa proyektong “*Statistical Tools for Action Researches of Teachers: Let’s START!*” noong Disyembre 6, 2018.

Ang *Let’s START!* ay isa sa mga proyekto sa ilalim ng programang *Developing a Progressive Society*

(DPS) *through Mathematics and Allied Sciences* ng kolehiyo. Nilalayan nitong dagdagan ang bilang ng *action at basic research outputs* ng mga guro, gayundin ang kanilang kaalaman sa konsepto ng mga nasabing pananaliksik, *basic statistical concepts (parametric and nonparametric statistics)*, at *instrument development for research*.

Ang implementasyon ng programa ay nagsimula noong Pebrero

12 nang talakayin ni G. Andrew J. Siducon, *department extension coordinator at program leader* ng *Let’s START!*, ang unang modyul na *Introduction to Action Research*. Ipinaliwanag naman nina G. Aldrin Y. Patinga, Shiela Mae F. Balicudiong, G. Paul Vincent Botin at Prof. Analyn A. Mojica, mga guro ng DPS, ang ikalawa at ikatlong modyul na naglalaman ng mga paksang *basic statistical concepts, descriptive statistics, measures of dispersion at hypothesis testing*. (AJSiducon)



Mga guro ng CAS-DPS at CEANHS sa unang sesyon



Si Dr. Bettina Joyce Ilagan, dekana ng CAS at mga opisyal ng CEANHS habang lumalagda ng MOA

Mga pagsasanay ... mula sa p. 3

sa publikasyon ng mga ito, suriin ang mga isinumiteng mungkahing aktibidad, at lumikha ng mga pagbabago at pagwawasto sa mga ito batay sa mga karagdagang konsepto tungkol sa mga programang pang-ekstensyon.

Inimbitahang tagapagsalita sina Dr. Rowena DT. Bacongus at Dr. Aileen V. Lapitan ng *College of Public Affairs and Development (CPAf)*, Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños (UPLB). Tinalakay ni Dr. Bacongus ang *Extension in Higher Education* na hinati sa sumusunod na mga paksa: *Roles of Higher Education; Define Extension: Approach, Strategy, Method and Modality; Extension in Different HEIs; Discovery, Integration, Sharing Knowledge and Application of Knowledge; Understanding the Extension Function of SUCs; at Extension in Different Organizations*. Samantala, tinalakay ni Dr. Lapitan ang tungkol sa *Monitoring and Evaluation of Extension Projects*. Ang mga kalahok ay hinati sa ilang grupo at naglahad ng resulta pagkatapos ng isinagawang aktibidad.

Ang mga pagsasanay na ito ay isinagawa upang matugunan ang *target* na itinakda ng Unibersidad para sa *University’s Operational Plan 2019* sa ginanap na *year-end review and operational planning workshop* mula Enero 8 hanggang 9 sa Crown Legacy Hotel, Baguio City.

Patuloy na nagsusumikap ang ES na paghusayin ang mga sistema at prosesong pang-ekstensyon upang matulungan ang mga guro at tauhan na kalahok sa mga gawaing pangkomunidad. Ang lahat ng mga ito ay naka-ugnay sa *banner extension program* ng unibersidad na “*Poverty Alleviation Program through Ugnayan 2.0 Approach*”. (BSAmparo)



Mga kalahok sa training workshop



Sina Dr. Rowena DT. Bacongus (kaliwa) at Dr. Aileen V. Lapitan (kanan) habang tinatalakay ang mga paksang pang-ekstensyon

MGA BALITA

DILOY, dumalo sa *regional training*

Dumalo si G. Rodrigo H. Diloy, *unit head* ng *Farmers Training Center and Technology Demonstration Farm* (FTC-TDF) ng CvSU-ES, sa dalawang linggong pagsasanay na "*Regional Training of Facilitators on Farm Business School*" noong Marso 11-22 sa Villar SIPAG Farm School, Bacoor City at ATI-RTC IV-A, Brgy. Lapidario, Trece Martires City, Cavite. Layunin ng pagsasanay ang magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga may-ari ng sakahan, namumuno ng kooperatiba at mga manedyer sa pagsasagawa ng *Farm Business School* (FBS) sa Rehiyon 4.

Ilan sa mga paksa na tinalakay ay ang mga sumusunod: pagsisimula ng FBS; pamamahala ng FBS *curriculum*; pag-unawa sa kalakalan at pagbebenta, negosasyon sa kliyente; at pananaliksik sa merkado. Nagkaroon din sila ng *benchmarking* sa iba't-ibang sakahan tulad ng Luntiang Republika Ecofarm sa Brgy. Taywanak Ilaya, Alfonso, Cavite,



Si Dir. Cosico habang kinakausap ang mga kalahok (kaliwa) at mga kalahok mula sa Rehiyon IV-A, IV-B at V (kanan)

Gorgeous Farm sa Laurel, Batangas at *ABF Integrated Farms* sa San Pablo, Laguna.

Dumalo sa pagsasanay ang mga nagmamay-ari ng sakahan na gagawing *farm tourism sites* tulad ng *Joross Farm* – Ligao, Albay, *Four K Kakao Farm* – Gumaca, Quezon, *Lone of Lilia Nature Farm* – Indang, Cavite, *Centro Filipino for Returning Migrant* – Dasmaringas City, Cavite, *Mikeliz Integrated Farm* – Camarines

Sur, *Luntiang Republika Ecofarm* – Alfonso, Cavite, *Norberto's Farm* – Pilar, Capiz, *Tata Celso Farm* – Bagacay, Gubat, Sorsogon, at *Gorgeous Farm* – Laurel, Batangas.

Ang pagsasanay ay pinangunahan ni Gng. Marites Piamonte Cosico, *center chief* ng *Agircultural Training Institute* (ATI) Rehiyon IV-A. Nagsilbing panauhing pandangal si Atty. Regie Tamana, *chief of staff* ni Sen. Cynthia A. Villar. (KBarandia)

MPC, bumisita sa CvSU-ES

Bumisita sa CvSU *Extension Services* (ES) ang mga tauhan ng Marikina *Polytechnic College* (MPC) *Extension Services*, Sta. Elena, Marikina City noong Pebrero 11. Pinangunahan ito ni Dr. Fidelito P. Lagos, direktor ng *External Affairs and Extension Services Office* ng MPC. Layunin ng pagbisita na magkaroon ang mga tauhan ng sapat na kaalaman sa mga gawaing pang-ekstensyon

ng CvSU at bilang paghahanda sa ISO 9001-2015 ng nabanggit na kolehiyo.

Sa kanilang pagbisita, nagkaroon ng oryentasyon sa S. M. Rolle Hall tungkol sa Cavite State University sa pangunguna ni Dr. Hernando D. Robles, presidente ng unibersidad.

Samantala, inilahad nina Gng. Lorna C. Matel ng *Technology*

Promotion Division at G. Joselito F. Ersando ng *Community Engagement and External Relations* ang mga pangkasalukuyang gawain ng ES tulad ng mga pagsasanay, pagpapalaganap ng makabagong teknolohiya at pagpapakita ng mga proyekto ng ES ukol dito, at pakikipag-ugnayan sa komunidad. (JFErsando)



Mga Extension staff ng CvSU at MPC

Si Gng. Matel habang isinasalaysay ang mga gawaing pang-ekstensyon ng CvSU

MGA BALITA

Kaalaman sa responsableng pag-aalaga ng hayop, ipinalaganap

Kasabay ng pagdiriwang ng *Rabies Awareness Month*, nagsagawa ng pagsasanay tungkol sa *Responsible Pet Ownership and Rabies Awareness* ang *Farmers' Information Technology Services (FITS)* center ng Magallanes *Municipal Agriculture's Office* noong Marso 6.

Layunin ng pagsasanay na magkaroon ng karagdagang kaalaman ang mga tao tungkol sa rabis ng aso, epekto nito sa nakagat at kung paano ito maiwasan. Isinakatuparan ang gawain sa pakikipagtulungan sa *Extension Services at College of Veterinary Medicine and Biomedical Sciences (CVMBS)* ng Cavite State



Ang mga dumalo sa seminar kasama ang tagapagsalita at kinatawan ng CVMBS-ES

University. Dumalo ang 13 *Barangay Health Worker (BHW)* at 22 kagawad ng iba't-ibang barangay sa Magallanes, Cavite.

Si Dr. Desiree del Mundo, guro ng CVMBS, ang tumayong tagapagsalita sa nasabing pagsasanay. Tinalakay niya ang *Animal Welfare Act of 1988 (R.A. 8485)*, *Animal Welfare Act of 1988 as amended (R.A. 10631)*, at *Anti Rabies Act of 2007 (R.A. 9482)*. (JFErsando)

66 volunteers, tumulong sa SPRINT

Labing-anim na mag-aaral ng *Trece Martires City National High School (TMCNHS)* at *Indang Christian Academy (ICA)* at 50 katao mula sa *Factset Philippines* ang boluntaryong tumulong sa kaong *nursery* ng *Sugar Palm Research, Information and Trade (SPRINT)* Center noong Enero 17 at 19.

Ipinaliwanag ni G. Daeniel Zarene P. Mojica, *research assistant*, ang kahalagahan at iba't-ibang gamit ng kaong. Nakilahok ang mga mag-aaral sa *bagging of potting media*, kaong *wildling collection*, pagahasik at pagdidilig. Bumisita rin sila sa gawaan ng sukang kaong at tinalakay ang paggawa nito. Samantala, tinalakay at ipinakita ni Dr. Analita dM. Magsino, dekanang *College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources*

(CAFENR), ang paggawa ng sukang kaong na herbal.

Ang nasabing mga aktibidad ay bahagi ng *All for Kaong (A4K): Multi Sectoral Action in Greening Riparian Areas in Upland Cavite* with Kaong, proyekto ng CvSU-SPRINT na pinangungunahan nina Dr. Hernando D. Robles, presidente ng CvSU at Dr. Lorenzo C. Lapitan, Jr., puno ng CvSU *SPRINT Center*. Layunin ng proyekto na maparami ang populasyon ng kaong sa *Upland Cavite* sa pamamagitan ng pakikilahok ng publiko upang tulungan ang industriya ng kaong at dagdagan ang *ecological health of riparian areas* sang-ayon sa layunin na *National Greening Program* ng pamahalaan. (JLBHerrera)



Factset Philippines volunteers kasama ang mga tauhan ng SPRINT

UGNAYAN

Tagapamahalang Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

Mga Kontribyutor

Lorna C. Matel

Khay B. Arandia

Joselito F. Ersando

Andrew J. Siducon

Bernadette S. Amparo

Marjorie Ann B. Panerio

John Laurence B. Herrera

Antonette Jean L. Magcamit

Mga Editoryal Konsultant

Dr. Yolanda A. Ilagan

Dr. Ruel M. Mojica

Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal

Knowledge Management Center

5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.

Cavite State University

Indang, Cavite

Telepono ☎ (046) 4150212